# ANG PASUKAN at ANG LANDAS

*Ang mga ordenansa at tipan ng priesthood ay nagtutulot sa atin na pumasok sa landas na patungo sa buhay na walang hanggan at nagbibigay sa atin ng lakas na kailangan natin ngayon.*

Hinahangad nating lahat ang buhay na walang hanggan, na ibig sabihin ay maligtas at dakilain sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal, kung saan maaari nating makapiling ang Ama sa Langit bilang mga pamilya.

Bukod pa sa pananampalataya kay Jesucristo at pagsisisi, ang mga ordenansa at tipan ng priesthood ay nagtutulot sa atin na pumasok sa landas na patungo sa buhay na walang hanggan. Kailanman kayo pumasok sa landas na ito o nasaan man kayo rito—isinilang man kayo sa Simbahan o naging miyembro kalaunan, buong buhay man kayong naging aktibo o nagbabalik pa lang kayo sa pagkaaktibo sa Simbahan—maaari kayong umunlad kapag nagtuon kayo sa inyong mga tipan at sa magagawa ninyo para matanggap at matupad ang mga ito.

At mahalagang malaman na ang mga ordenansa at tipan ng priesthood ay hindi lamang nangangako ng maluwalhating kinabukasan. Binibigyan din tayo nito ng lakas, kapanatagan, at suportang kailangan natin ngayon upang matahak ang landas at makapagtiis hanggang wakas sa kabutihan. ■








## MGA TULONG HABANG DAAN

MGA KABATAAN

**Mga banal na kasulatan**—patnubay at tagubiling natanggap bilang bahagi ng tipan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga tao (tingnan sa D at T 84:57)

**Panalangin**—"Ibinibigay [ng Panginoon] sa atin ang tipan na 'lagi Siyang alalahanin' at ang babalang 'manalangin sa tuwina' upang umasa tayo sa Kanya, ang ating tanging kaligtasan" (Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Always," *Ensign,* Okt. 1999, 9).


**Paglilingkod**—pagtupad sa ating mga tipan sa pamamagitan ng paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak, kabilang na ang mga tungkulin, gawain sa templo at family history, pagbabahagi ng ebanghelyo, paglilingkod bilang full-time missionary

**Pagsisisi**—pag-alaala sa ating mga tipan at paglapit sa Tagapagligtas kapag naligaw tayo ng landas, kung minsan ay kabilang ang tulong ng mga lider ng priesthood



"Ang mas mahalaga, ang awtoridad ng priesthood sa Simbahan ang naglalaan ng mga sagradong ordenansa at tipan na nagbibigkis sa **mga pamilya** at ginagawang karapat-dapat ang bawat isa sa atin na **makabalik sa Diyos Ama at kay Jesucristo** sa kahariang selestiyal. Ang mga ordenansang ito ay naghahatid ng kapayapaan dahil mga tipan ito sa Panginoon."

**Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kapayapaan sa Sarili: Ang Gantimpala ng Kabutihan," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2013, 34.**



"Ang pananatili sa landas ng ebanghelyo na kinapapalooban ng mga tipan, kautusan, at mga ordenansa ay **nangangalaga** at **naghahanda** sa atin upang magawa ang gawain ng Diyos sa mundong ito."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Tumayo nang Hindi Natitinag sa mga Banal na Lugar," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2013, 49.**



"Kapag marapat kayong nakikibahagi sa mga ordenansa ng priesthood, bibigyan kayo ng Panginoon ng higit na **lakas, kapayapaan, at pag-unawa sa kawalang-hanggan."**

**Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kapangyarihan sa Priesthood," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2013, 95.**

PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH